

Chapter One



Passion Motel, Pasay City.
June 2010

Tumatama sa kanyang balat ang malamig na buga ng hangin. Katatapos lang niyang mag-shower at nakasuot na ng makapal na roba. Sa kanugnog na bathroom ay dinig niya ang lagaslas ng tubig.

Leilani sighed and stared at the queen-sized bed. It beckoned with a promise... a night of fiery passion and physical gratification.

It was one of those motel rooms, not overly expensive but not cheap either, rented by the hour. Bryan rented it for the night. Malamlam ang ilaw sa buong silid. Makapal ang drapes ng bintana. Malamyos ang musikang tumutugtog sa component. Pumupuno sa paligid ang samyo ng nakasinding scented candles sa mesita sa tapat ng kama. Humahalo roon ang amoy ng potpourri.

The whole room was prepared to set the mood for sex. At iyon ang dahilan kaya siya naroon.

Huminto ang lagaslas ng tubig. Nagsimula siyang kabahan. Ilang segundo lang at lumabas na si Bryan na nakatapi ng tuwalya ang ibabang katawan. Kinakabahan siyang ngumiti. Pigil niya ang hininga nang lumapit ang binata sa kanya.

“We don’t have to do this, Lei,” he muttered, his face grim, almost angry. Wala sa hitsura nito na excited itong makipagtalik.

“Yes, we do. May usapan na tayo.”

Kumibot ang isang muscle nito sa panga.

“I don’t want it to be this way for us.”

“Ito lang ang pagkakataon, Bryan. Ito lang ang mayroon tayo. Isang ilusyon lang ang iniisip mo.”

“Hindi mo alam kung ano’ng hinihingi mo sa akin.”

“Bryan...” Hinawakan niya ito sa pisngi. His face was warm and taut. Mataas ito kaysa kanya kaya kailangan niyang tumingala.

“Nangako ka. Kapalit ng isang gabi ko, nangako kang lalayuan mo na ako. Ikaw ang nagsimula nito.”

It started out as a dare. Hindi nito akalaing papatulan niya iyon.

“Bryan, hindi na ako inosente. Hindi ito ang unang pagkakataon na ginawa ko ito.”

He grabbed her wrist. “Mahal kita, Lei. Hindi lang katawan mo ang gusto ko.”

“Pero ito lang ang p’wede kong ibigay sa iyo. ‘Yung nararamdaman ko para sa iyo, i-it’s not love.”

Iniiwas nito ang mukha. Ipinikit ni Leilani ang mga mata upang itago ang tunay na damdamin.

Hindi niya gustong saktan si Bryan. She may not love him the way he wanted but she cared for

him. Magkaibigan na sila bago pa ito nagsimulang manligaw sa kanya. At gusto niyang manatili ang friendship na iyon kahit pa inutusan niya itong lumayo.

“Maniwala ka, isang araw pasasalamatan mo ako. H-hindi ako ang babaeng para sa iyo.”

“Ikaw lang ang nagsasabi niyan, Lei.”

Malungkot na ngumiti ang dalaga. Ano ba’ng mayroon sa kanya at minahal siya nang sobra ng lalaking ito? She had nothing to give him. Not even her battered and bruised heart.

“Gawin na lang natin, Bryan. Hindi na tayo mga bata at pareho naman nating gusto ito.”

“Lei...”

“Shh...” Itinapat niya ang hintuturo sa mga labi nito. Siya na ang naunang yumakap sa binata. Hinila niya ang ulo nito para magtagpo ang kanilang mga labi.

Bryan’s movements were tentative. Nakapatong lang ang dalawang kamay nito sa baywang niya. Even his kiss was light. Nagtatalo ang loob nito. He was fighting his desire and she couldn’t have it. Para sa binata ang gabing ito. She wanted him to enjoy every moment.

Ginagap niya ang mukha ng lalaki. “Bryan, please...”

She grounded her hips against his crotch and nearly smiled when he groaned. She felt him swell

and harden beneath the towel. Sa isang iglap ay naging mapusok ito.

Bryan snaked his arm around her back, his fingers curling around her nape. His other arm circled her waist. His kiss became demanding, more urgent. His teeth nipped her lower lip, his tongue slid inside her mouth mating with her own, tasting and exploring her. She had never been kissed with so much hunger, as if his life depended on her sweet mouth.

He pulled her head and kissed his way down her slender neck, his lips burning a trail along her already heated skin. A couple of times, she felt his bite and then his tongue circled the inflamed flesh.

Hindi na mabilang ni Leilani kung ilang ulit na siyang umungol. This was supposed to be just sex... physical, impersonal. But she had never been this aroused before. She had never felt so... desired.

In one swift motion, she was naked. Bryan stood still for a moment and stared at her.

“Beautiful...” he whispered.

Her past two lovers often said how beautiful she was. But never did she feel the true meaning of the word. Bryan’s sexy whisper brought a strange flutter inside her stomach. She blushed, her cheeks heating with his compliment. Deep inside, she felt that he was not only admiring her body. He was admiring *her*.

Hinalikan siyang muli ng binata at saka siya inakay sa kama. She watched as he pulled the towel down, his arousal very evident. Nang tumabi ito sa kanya ay bumaba ang dalawang kamay ni Leilani upang damhin ito. Pero mabilis nitong nahawakan ang palapulsuhan niya. Marahan siyang itinulak ng lalaki pahiga sa kama. His weight pinned her, his big hand imprisoned her hands above her head.

“Bryan...”

“Stay still,” he said softly as he rained butterfly kisses all over her face. He was gentle, so gentle he was breaking her heart.

“I can’t force you to love me, Lei. But I won’t ever let you forget this night. I’m going to make love to you.”

Gusto niyang tumutol. Hindi dapat maging ganito. This night should be all about him. She was here to pleasure him. Not the other way around.

Bryan found her breasts. One hand kneaded her while his mouth feasted on the other. She whimpered when his mouth closed in on one nipple. His teeth nipped and pulled, his tongue circled and sucked. His thumb and forefinger played with her other nipple, rolling and tugging. She cried out his name and thrashed her head wildly. It felt like forever. Bryan couldn’t seem to get enough of her breasts. Hindi niya magawang pigilan ang pagliyad ng katawan. Her chest rose

and fell and it just added to the pleasurable sensation.

Binitiwang ni Bryan ang mga kamay niya. Kaagad humagod at pumulupot sa buhok nito ang mga daliri niya. He continued to kiss and touch her. His movements were confident yet gentle, na para bang isa siyang porcelain doll na iniingatan nitong mabasag. May halong respeto ang bawat haplos nito. Dama niya ang pagsuyo sa bawat halik ng binata.

She didn't want him to act this way. She wanted him to have sex with her, not make love to her. Lalo lang siyang nilulunod ng guilt. Lalo lang siyang nanghihinayang.

"Bryan..." she sobbed.

"Shh... let me love you, Lei." A delicious shudder ran down her spine when he bit her earlobe and licked the sensitive area behind her ear. When he kissed her again, she was completely lost.

Bryan's hands skimmed downward, tracing her ribcage, cupping her breasts, following the shape of her waist and her hips, smoothing over her stomach. Malakas ang naging singhap niya nang maramdaman ang mainit na palad nito sa pagitan ng kanyang mga hita.

"Open for me, Lei." His mouth followed the trail of his hands. His hot breath fanned over her belly, his tongue swirled and licked her belly button. She

kept squirming and thrusting her hips, urging him to take more of her. Her feminine core throbbed and wept for attention.

Hinawakan ni Bryan ang dalawang hita niya. It left her open and vulnerable for his assault. When his mouth found her center, she cried out.

Hindi kayang ipaliwanag ni Leilani ang nararamdaman. Her mind became fuzzy. Her body, a squirming mass of hunger and need. She felt him thrust a finger inside her while his mouth clamped around her sensitive bud. A loud sob escaped from her throat. His finger continued to spear inside her, curling and pressing against her soft, inner muscles while his mouth did wonders on her outer folds. Pleasure came in a rush, blinding... mind-numbing. Heat spread through her, burning her from the inside out. Muscles coiled tighter. Stars danced before her eyes and the world began to swirl. Her body trembled until she thought she was coming apart.

She gritted her teeth. Bryan didn't stop. Before her body could recover from her climax, another one was building up.

"T-tama na..." humihingal na samo ng babae. Kumuyom ang mga daliri niya sa bedsheet. Ni hindi niya magawang itaas ang mga braso para pigilan ito. Everything inside her coiled and exploded in frenzy. She'd lost count of how many times she

came, each orgasm more intense than the last, the pleasure was almost painful. She tried to get away from him, but his grip on her was too strong. When his teeth nipped her, she went over the edge once more.

Bryan kissed his way up her body. He claimed her mouth, his lips and tongue scorching her. She could taste herself in his mouth. Her body was limp and weak with pleasure but the desire was still unbelievably strong, their lust unsated.

His knee pushed her thighs farther apart. He grabbed her hips as he pushed himself inside her. She was sleek and soft but tight. She winced when he stretched her. He paused for a moment, allowing her body to get used to his size. He withdrew a little and thrust back in. *Malakas ang naging ungol niya.* He pounded on her slowly as his hand and his mouth lavished her breasts once more.

“Look at me, Lei,” he murmured. She peered at him through heavy lidded eyes. Dark chocolate eyes, framed with thick, silky lashes stared at her flaming with lust. Sweat was beading on his forehead. He was breathing raggedly, the skin on his face tight with tension. He was hard as steel, overwhelmed by his desire. But she could also feel the underlying need to please her.

He pulled out and with one hard thrust sank deeper into her. Her breath hitched as she made

soft cries of pure bliss. Halos bumaon na ang mga kuko niya sa mga balikat ni Bryan lalo nang bumilis ang kilos ng binata. She sobbed as he rammed faster, deeper until the world exploded in a kaleidoscope of colors. Heat spread through every part of her, centering on her groin. She screamed his name as her inner muscles squeezed him, increasing the friction and the pleasure.

Sex had never felt this good for her before. *It wasn't just sex.*

Bryan groaned and tensed above her, driving hard into her one last time before spilling his seed inside her womb.

Humihingal itong sumubsob sa balikat niya.

"I love you, Lei. Remember this night."

Tears fell from her eyes and she held him, running her fingers through his damp hair. He didn't have to tell her. She had so very few good memories to cherish and this night was the best.

How could someone, whom she knew she didn't love, possess her so intimately? How could he seize not only her body but her soul? She wouldn't be able to forget this night, even if she wanted to.



Chapter Two



*M*amburao, Occidental Mindoro.
Seven years ago...

“Andito ka na naman. Mamaya susunduin ka na ulit ng inang mo,” ingos ni Leilani. Naroon muli sa tabi niya ang lalaki at tinutulungan siyang magkaliskis ng biniling isda ng isa niyang suki.

“Ano naman ang masama kung dalawin kita? Tuwing weekends na nga lang ako nakakauwi.” Para itong batang nagtatampo. Napailing na lamang si Leilani sa tono ng matalik na kaibigan.

Matanda sa kanya nang limang taon si Bryan. Hindi ito mayaman ngunit kumpara sa kanya, di-hamak na nakaaangat ito. May tatlong bangkang pangisda ang ama nito at pag-aari naman ng ina nito ang maliit na grocery sa bayan.

Graduating na ito sa kursong Mechanical Engineering sa *Batangas State University*. Wala kasing engineering courses na ino-offer ang kaisa-isang state college sa Mindoro kaya dumayo pa ito sa Batangas. Mahigit tatlong oras ang travel time nito, kaya tumutuloy na lamang sa isang boarding house ang binata at tuwing weekends na lamang umuuwi ng Occidental Mindoro.

“Ang sa akin lang, napapagalitan ka kasi dahil

sa akin. Alam mo namang ayaw na ayaw sa akin ng inang mo.”

He snorted.

Pinagsuot niya ng plastic apron ang lalaki, pero may mga kaliskis pa rin ng isda na tumalsik at dumikit sa t-shirt nito. Pihadong malansa na rin ang mga kamay ni Bryan dahil kanina pa ito naglilinis ng isda.

“Huwag mo na kasi akong intindihin. Kaya kong pakibagayan ang ugali ng nanay ko.”

Isinalin ni Leilani sa plastic ang isang kilo ng tilapia at saka iniabot sa bumili.

Sanay na siya sa katigasan ng ulo ni Bryan. Pero syempre, ayaw niyang mapahamak ito dahil lang sa kanya.

“Bahala ka na nga.”

Humarap sa kanya ang binata. “Bakit parang sa tono mo, ayaw mo akong makita? Sabihin mo lang kung nakakaistorbo ako sa iyo.”

Umikot ang mga mata ni Leilani. Kung siya lang ang masusunod, araw-araw niya itong gustong kasama. Gumagaan ang pakiramdam niya kapag nasa tabi niya ang kaibigan. He was her best friend, her sounding board, a brother she never had. Mataas ang respeto niya kay Bryan.

Natatawang inabutan niya ito pandesal na baon niya. Medyo mainit pa ang kapeng inihatid sa kanya kanina ni Boyet, anak ni Aling Sabel na may-

ari ng turo-turo sa harap ng talipapa.

“O, kumain ka muna. Ang arte mo!” Pabulong niyang idinagdag ang huli. Kiniliti siya nito sa tagiliran. Natatawang pinalo niya ang kamay nito. Tumawa rin ang lalaki at nilantakan na ang tinapay.

“Pupunta ka ba sa pasayaw sa plaza?” tanong nito.

Bisperas ng pista sa bayan nila. May nag-sponsor ng isang dance ball sa gymnasium ng public high school na malapit sa kanila at libre iyon sa lahat ng gustong pumunta.

“Uhm... oo. Susunduin ako ni Rody.”

“Si Rody? ’Yung anak ni Mrs. Placido?”

Si Mrs. Placido ang may-ari ng isa sa beach resorts sa lugar nila.

“Oo, siya nga,” sagot niya. For some reason, she couldn’t meet his eyes.

Sandali itong natahimik. Nang sulyapan ni Leilani ang kausap ay kunot ang noo nito.

“Nanliligaw ba sa iyo si Rody?”

Huminga muna siya nang malalim. “S-sinagot ko na siya.”

“Kailan pa? At bakit wala kang sinasabi sa akin?”

“Noong isang araw lang. At saka hindi ko naman kailangang ipaalam sa iyo ang lahat ng desisyon ko.”

Hindi lang iyon ang dahilan. Alam niya kasing

hindi ito papayag na magkaroon sila ng relasyon ni Rody.

Hindi nagsalita ang kausap niya.

“Alam ko ang iniisip mo.” Noon lang ito tumingin sa kanya. “Iniisip mong hindi ako bagay kay Rody dahil mahirap lang ako at wala akong pinag-aralan.”

“Lei...”

Humarap siya sa binata. “Mahal ko si Rody, Bryan. Iyon lang ang dahilan kaya ko siya sinagot. Hindi dahil mayaman siya.”

Hindi maipaliwanag ni Leilani ang pinong kurot sa puso na nararamdaman niya. Bryan would be the last man who'd judge her. Alam niyang hindi iyon ang iniisip nitong sabihin. Hindi lang niya mapigilang maging defensive.

Nagsalin siya ng isda mula sa banyera para lang makaiwas sa binata.

“Lei...”

“Kuya Bryan!” Kapwa sila napalington sa batang papalapit. Si Paulo, pinsan ni Bryan. “Kanina ka pa hinahanap ni Tiya Lupe.”

Nagkatinginan sila ng kaibigan. “Sige na. Saka na lang tayo mag-usap uli.”

Bryan looked apprehensive. Kung hindi lang ugali na ng ina nito na manugod at mag-eskandalo sa tuwing nakikitang magkasama sila, alam niyang hindi ito aalis.

“Hahanapin kita sa pasayaw mamaya.”

Tumango na lamang siya at nginitian ito.



Alas ocho ng gabi...

Nasa sala na si Leilani at naghihintay na lang ng sundo. Muli niyang sinipat ang sarili. Suot niya ang pinakamaayos sa lahat ng kanyang mga blouse at isang lumang pantalon pati na ang sandals na ibinigay sa kanya ng isa niyang kaibigan.

“Anong oras ka ba susunduin ni Rody?” tanong ng Tiya Berta niya. Ito at ang asawa nito ang kumupkop sa kanya nang sabay na namatay sa isang kalamidad ang mga magulang niya. They were poor. Isang ordinaryong mangingisda ang kanyang Tiyo Juan. May anim siyang pinsan, dalawa sa mga ito ang nag-aaral sa high school, may kani-kanya nang pamilya ang tatlo at lahat ay nasa Maynila. Ang thirteen-year-old na bunsong si Mila ay bedridden dahil sa sakit na cerebral palsy.

Alam niyang labag sa loob ng tiyahin niyang ampunin siya. Leilani couldn't blame her. Marami na itong problema. At dagdag pang pasanin sa mabigat na nitong balikang mag-alaga ng isang naulilang batang babae na walong taong gulang. Hindi pa maginhawa ang buhay nito. Sa kabila niyon ay tinanggap pa rin siya nito. Kaya naman hanggang kaya niyang tumulong ay tumutulong siya.

Pinalad si Leilani na makatapos ng high school dahil na rin sa scholarship na ibinigay ng kanilang mayor. Nang makapagtapos siya ay naghanap kaagad siya ng trabaho. Pero limitado lang ang job offers sa bayan nila, lalo na sa isang high school graduate lang na katulad niya. Nakapagtrabaho siya bilang staff sa resort ng pamilya ni Rody, pero dalawang buwan lang siyang nagtagal dahil nagbawas ng tauhan ang mama nito. Kalauna'y nagpasya na lamang siyang akuin na ang pagtitinda ng isda sa talipapa mula sa kanyang tiyahin.

“Kayo bang dalawa niyang Rody na iya’y magnobyong na?”

Kiming tumango si Leilani. Hindi niya magawang sumagot nang direkta sa tiyahin.

Umingos ito. “Siguraduhin mo lang na may mapapala ka sa pakikipagrelasyon mo diyan sa lalaking iyan.”

Muntik na siyang mapangiwi. Alam naman niya kung bakit pumayag si Tiya Berta na makipagnobyong siya sa ganoon kabatang edad. Mayaman kasi ang pamilya ni Rody. Anumang makukuha niya rito ay maibabahagi niya sa pamilya ng kanyang tiyahin.

Naalala niya si Bryan at ang lihim na espekulasyon nito.

Hindi iyon ang dahilan kaya sinagot ko siya.
Gusto niyang ipagsigawan iyon sa buong bayan.
Busina ng sasakyan ang gumulat sa kanila.

Nang sumilip si Leilani sa bintana ay natanaw niya ang pulang pick-up ni Rody. Nagpaalam na siya sa tiyahin bago lumabas ng bahay.

Hindi man lang bumaba ang binata para batiin ang tiyahin niya. Hindi rin siya nito inalalayan pasakay ng kotse. Nang makaupo siya sa passenger seat ay mabilis siyang kinabig nito at hinalikan.

“Rody,” pilit niya itong tinulak palayo. “Baka makita tayo ng Tiyang.”

“Ano naman kung makita tayo? Hindi ba’t sinagot mo na ako?”

Hindi na siya umimik. Nagpaubaya na siya nang muli siyang halikan nito.

Nakakapagtaka lang dahil imbis na magustuhan niya, nakadama siya ng pagkailang. She put it off as being inexperienced. Si Rody ang first boyfriend niya.

“Rody, tama na.” Itinulak niya itong muli. “Pumunta na tayo sa gym.”

Rody grinned. Something about the gleam in his eyes alarmed her.



Bryan was looking, walking around the gym interior set as an improvised dance floor. Nakapalibot sa paligid ang mga folding chairs. Sa dulo ng gymnasium ay ang buffet table kung saan naroon ang trays ng sandwiches at finger foods at ang bowl ng juice. Sa isang sulok ay ang audio

mobile na inarkila ng sponsor.

Kalahating oras na siyang palakad-lakad lang. Halos buong baranggay yata nila ang naroon, pero hindi hadlang iyon para makita kaagad ang hinahanap. He'd recognize Leilani anywhere. At wala pa ito roon.

Baka nagbago ang isip?

Sana nga. Pero malakas ang kutob niyang hindi. Ano na nga ang sinabi nito kanina? Na susunduin ito ni Rody Placido, anak ng may-ari ng Beachside Resort.

Kilala niya si Rody. The twenty-one-year-old shifted from playing basketball to breaking hearts as a hobby way before he graduated from high school. Isang malaking advantage na solong anak ito ng isang mayamang pamilya, kaya naman maraming babaeng naghahangad na makuha ang atensyon nito. Alam niya dahil kaedad niya ito at isa sa mga naging biktima ni Rody ay ang pinsan niya. Just recently, as a matter of fact. Kaya nga ganoon na lang ang kaba niya nang sabihin ni Leilani na nobyo na nito ang binata.

Inosente ang kanyang kaibigan. At hindi niya inisip kahit isang segundo na nakipagrelasyon ito kay Rody dahil lang sa pera. Leilani's one of those girls who relished the idea of falling in love. She would never give herself to someone who didn't mean a lot to her. At hindi rin niya inisip na hindi

ito nababagay kay Rody dahil mahirap lang ito.

It was the other way around. Rody didn't deserve someone as special as Leilani. He was a wolf in a sheep's clothing. And Leilani? She was just a baby. He didn't want her to be hurt. Why? Because she meant more to him than a friend. And no, he didn't see her as a little sister.

Palabas sana siya ng gymnasium nang huminto ang isang sasakyan sa tapat. He forced back the sneer when he saw the driver. Iilan lang sa lugar nila ang may pribadong sasakyan.

Bumaba si Rody, umikot ito at tumayo lang sa gilid, naghihintay. Noon bumukas ang passenger door at bumaba si Leilani.

Damn! Rody didn't have an iota of gentleman genes inside his body.

Inilahad nito ang isang kamay. Leilani took it without hesitation. Bryan clenched his jaws. Palinga-linga rin ang babae na animo may hinahanap. Pumuwesto siya sa kung saan madali siyang makikita nito. And when she did, she flashed him her sweet smile. And he couldn't help but smile back.

Kung alam lang nito ang tunay niyang nararamdaman.

Rody tugged her hand not too gently. She stared into his scowling face. He said something that had her meekly bowing her head.

Son of a bitch!

“Bryan!”

He nearly groaned. Kung kailan naman niya lalapitan si Leilani, noon pa sumulpot si Monette.

“Bakit nakatayo ka lang diyan?” Lumapit ito at humawak sa braso niya.

Hindi siya nakakibo. Tinitigan niya ang kinakapatid. Inaanak ito ng nanay niya. At hindi pa man, nagparinig na ang kanyang ina na si Monette ang gusto nitong mapangasawa niya pagdating ng araw.

Mabait si Monette at maganda. Graduate ito ng Accounting at nagtatrabaho bilang isang bank teller. She would’ve been the perfect girlfriend except that he didn’t love her.

Again, his gaze steered over the woman that was now dancing with Rody.

“Halika, magsayaw tayo.” Hinila siya ni Monette sa gitna. At kusa na siyang sumama. Partly because he wanted to keep an eye on Leilani.

It was a fast song. From a few feet away, he could hear Leilani’s giggles. Kahit sandali ay napanatag siya. If she’s enjoying the night, then he wouldn’t spoil it for her.

Pagkatapos ng mabilis na tugtog ay isang mellow song naman ang sumunod. Sa sulok ng mga mata niya ay nakita niyang inihatid ni Rody si Leilani sa isa sa mga folding chairs at saka nito

nilapitan ang isang dalagang halos lumuwa na ang dibdib dahil sa baba ng neckline ng suot na damit.

Hindi niya magawang lapitan ang kaibigan dahil nakayakap pa rin sa kanya si Monette. Nakadalawang tugtog pa bago niya inaya si Monette na magpahinga.

He looked around. Nasa dance floor pa rin si Rody at animo sawang nakayakap na sa kasayaw. Sa lapit ng mukha ng mga ito, hindi mahirap hulaan na naghahalikan ang dalawa.

Nagtagis ang mga bagang ni Bryan nang makitang nasa loob na ng laylayan ng blusa ng babae ang mga kamay ni Rody.

Hinanap ng mga mata niya si Leilani. Kasayaw nito ang isang binatilyo. Pero pasulyap-sulyap ito kay Rody. He could feel her discomfort. Hindi na siya nakatiis. Nang matapos ang tugtog at nagsimula muli ang isang slow number, nilapitan na niya ang kaibigan.

“Okay ka lang?”

Tumango ito at kining ngumiti. Humigpit ang pagkakahawak ni Bryan sa baywang nito. She felt so soft and he wanted to pull her close and embrace her. Pero ayaw niyang magsamantala.

“Sorry nga pala, tungkol kanina.”

Nakuha niya ang buong atensyon nito.

“Okay lang. Kalimutan na lang natin.”

“Lei...” He couldn’t control the urge to caress

her cheek. “Kahit kailan hindi ko inisip na hindi ka nababagay sa kahit sinong lalaki. You’re special. Tandaan mo palagi.”

She bit her lower lip. And that moment, he wanted to kiss her. Pero muli itong sumulyap sa gawi ni Rody.

“Nagugutom na ako. Kumain muna tayo. Masarap ’yung siomai na ginawa ni Mrs. Salcedo.” Hindi alam ni Bryan kung sapat na ang ginagawa niya para sandaling mawala ang pansin nito sa nobyo. But he’ll be damned if he let her wallow in self-pity for Rody’s blatant display of infidelity.



Chapter Three



“Tama na! Ang sakit na ng tiyan ko.”

But Bryan cracked another joke that sent her giggling again.

“Ayoko na...” humihingal na sabi niya.

Yumuyugyog pa rin ang mga balikat niya. Mabuti na lang at tumahimik din ang kanyang katabi. Kanina pa sila nagtatawanan at sumasakit na ang tagiliran niya.

“Okay ka lang?” tanong ng lalaki. Yakap niya ang dalawang tuhod at nakapatong doon ang kanyang noo.

Resting her cheek on her knees, Leilani turned to him. He was still grinning. At titig na titig ito sa kanya. He was a natural comedian. Kahit gaano ka-corny ang jokes nito, hindi nabibigo ang binata na patawanin siya. It was a natural thing between them, the laughter... the camaraderie. She felt a certain kind of freedom in his company. Na para bang hindi nag-e-exist ang mga problema. The air was always light around him.

“Hindi na masama ang loob mo?”

Masama ang loob? Sa ilang minutong magkasama sila, nakalimutan na niyang hindi ito ang dapat niyang katabi ngayon. Na may boyfriend

siyang basta na lang siya iniwan sa isang sulok nang makakita ng kakilala.

Iginala niya ang mga mata sa paligid at napabuntong-hininga nang hindi niya makita si Rody.

“Nariyan lang siya. Huwag kang mag-alala,” komento ni Bryan nang mapansin ang ginawa niya.

“Oo nga. Nariyan lang si Rody sa tabi-tabi kasama ang mga kakilala niya.” Hindi niya naitago ang iritasyon sa tinig. Paano ba namang hindi siya maiinis, pagkatapos siya nitong isayaw ay basta na lang siya iniwan sa isang mesa. At hanggang ngayon ay hindi pa siya nito binabalikan. Ni hindi man lang nito inalala kung nakakain na siya.

“Nagseselos ka lang yata d’un sa kasayaw niya kanina.”

Muli siyang bumuntong-hininga. Selos nga ba ang nararamdaman niya? Selos nga ba ang dahilan kaya siya naiinis? Pero bakit habang kasama niya si Bryan, hindi naman niya naiisip si Rody?

“P’wede ba akong magtanong sa iyo?”

Tumitig si Leilani sa kanyang kaibigan. Kapwa sila nakaupo sa damuhan sa labas ng gymnasium. His arms were stretched behind him, supporting his weight as he leaned backward. Nakaunat ang dalawang binti nito. Hindi niya mapigilang pasadahan ang kabuuan nito. Bryan sported an appealing ruggedness in contrast to Rody’s rich

celebrity centerfold look. At twenty-one, hinog na ang mga muscles nito sa katawan. He looked lean and fit and seemed to be capable of just about anything.

“Lei?”

Ibinalik niya ang pansin sa mukha nito. Namula siya dahil sa nanunuksong ngiti ng binata.

“A-ano ba ang itatanong mo?” She turned away, embarrassed with the way she was scrutinizing his body.

Nagbago ng posisyon ang binata. Itinupi nito ang mga tuhod at ipinatong doon ang dalawang braso.

“Mahal mo ba si Rody?”

Paano ba sasagutin ng dalaga ang tanong nito kung maging siya ay nagdududa sa sariling nararamdaman?

Nakilala niya si Rody nang magtrabaho siya bilang staff sa resort na pag-aari ng pamilya nito. Aminado siyang sa unang tingin ay nagka-crush siya sa binata. At nang ligawan siya nito, well, she could say that she was overwhelmed.

“O-oo naman. Hindi ko siya sasagutin kung hindi ko siya mahal.” Hindi ito kumbinsido. Pareho lang sila. Kahit hindi nakatingin nang derecho sa kausap si Leilani, ramdam niya ang nanunuot na tingin nito.

“Kilala mo si Abigail, di ba?”

“Yung pinsan mo?”

Tumango si Bryan. Sandali itong tumahimik na para bang tinitimbang ang sunod na sasabihin.

“Ano’ng nangyari kay Abigail?”

His gaze flew to her eyes. “Naging boyfriend ni Abigail si Rody. Kailan lang sila nag-break.”

Nagulat si Leilani. Alam niyang playboy si Rody. Pero hindi niya alam na isa ang pinsan ni Bryan sa naging girlfriends nito.

“Ano nama’ng kaugnayan ng naging relasyon nila sa akin? Inagaw ko ba si Rody sa kanya? Iyon ba ang ibig mong sabihin?”

Umiling ito. “Hindi iyon ang ibig kong sabihin. At hindi ko iniisip na inagaw mo si Rody sa pinsan ko. Kilala kita, Lei. Hindi ka ganoon. Ang punto ko lang, huwag kang masyadong magtiwala kay Rody. Huwag mong hayaang mahulog nang husto ang loob mo sa kanya.”

“Dahil playboy siya?”

Nagtiim ang mga bagang ni Bryan. “Ayoko lang na masaktan ka’t umiyak kagaya ni Abigail.”

Ever the protector! Iyon si Bryan sa kanya. Hanggang kaya nitong protektahan siya, gagawin ng binata.

Lihim siyang napangiti. Hinawakan niya ang isang kamay nito at pinisil.

“Bryan, kaya kong protektahan ang sarili ko. Hindi mo kailangang mag-aalala para sa akin. At

kaya kong pakibagayan si Rody.”

Umiling ito. At para hindi na lang humaba ang diskusyon nila ay hinila niya ito patayo.

“Nagugutom na naman ako. Kumuha na lang tayo ng pagkain. Baka may siomai pa.”

Tahimik itong sumunod sa kanya nang pumasok siya sa gym. Malapit na sila sa buffet table nang tawagin siya ni Rody.

“Kanina pa kita hinahanap. Kung sino lang pala ang kasama mo.” Nagpanting ang tainga ng babae dahil sa nang-aakusang tono nito. Matapos siyang iwan nito, ang lagay ito pa ang may ganang magalit?

Sa isip ay bumilang si Leilani ng sampu para kalmahin ang sarili.

“Kanina pa kami nakaupo sa damuhan sa labas,” aniya. “Basta mo na lang ako iniwan, di ba?” May halong sarkasmo ang tinig niya. Bahagyang naningkit ang mga mata nito. She felt Bryan tense behind her. Kinabahan siya.

Nang hawakan ni Rody ang isang braso niya at hilahin siya ay hindi na siya pumalag.

“Halika na, umuwi na tayo,” anito. Bryan reached out and touched her other arm.

“Teka lang, nagugutom siya. Pakainin mo muna.” Hindi nagtaas ng boses ang binata pero may diin ang bawat salita nito. And he couldn’t mask the anger in his eyes although he was trying

his utmost to control it.

The air around her seemed to sizzle with warring testosterone. Lalong tumindi ang kaba niya nang magsukatan ng titig ang dalawang lalaki.

“Bryan,” bulong niya. Nang tunitig sa kanya ang kaibigan ay sumulyap siya sa mga daliri nitong nakapulupot sa upper arm niya at saka ibinalik uli ang pansin sa mukha nito. She’d read the objection in his eyes. Her own eyes pleaded him and for a tensed moment, she thought he’d be determined to play tug-of-war with Rody.

“Okay lang ako. Please, hayaan mo na akong umuwi.” Naroon pa rin ang pagtutol at pag-aalala sa mga mata ni Bryan. Bandang huli ay nakakaunawang binitiwang din siya nito.

“Mag-iingat ka,” bulong nito bago binigyan ng isang matalim na titig si Rody. The latter just snorted and pulled her brusquely to his side. Pasimple siyang umiling kay Bryan, lihim na nagdasal na sana ay huwag na lamang patulan ng binata si Rody.

Hinawakan niya ang kamay ng nobyo na nakahawak pa rin nang mahigpit sa upper arm niya. “H-halika na. Ihatid mo na ako.”



“Bakit ba nakikipag-usap ka sa mayabang na ‘yun? At bakit ‘yung Bryan na ‘yun ang kasama mo?” galit na tanong ni Rody nang nasa sasakyan

na sila. Madilim ang mukha nito.

“Kaibigan ko si Bryan, Rody. At isa pa, hindi ba’t iniwan mo lang ako sa isang tabi? Kung alam ko na balak mo lang akong gawing wallflower, hindi na sana ako sumama sa iyo.”

“At ano’ng gusto mong gawin ko? Pabayaang ko na lang si Eva? Taga-Manila pa ’yung tao. Nagpunta lang dito para kumustahin sina Mommy.”

“Yun naman pala. Hindi mo p’wedeng pabayaang ang kaibigan mo. Di huwag kang magalit kung hindi ko rin tinanggihan ang company ng kaibigan ko.” Mainit na talaga ang ulo ni Leilani. Hindi niya maintindihan kung bakit galit na galit kay Bryan ang nobyo.

“Hindi ka dapat nakikipag-usap kay Bryan.”

“Bakit nga? Dahil ba pinsan siya ni Abigail na naging girlfriend mo?”

She’d hit a nerve. A muscle in his jaw twitched.

“See? Iyan mismo ang dahilan. Siguradong kung anu-anong kasinungalingan ang sinabi niya sa iyo tungkol sa nangyari sa amin ni Abi.”

“Naging girlfriend mo si Abigail. Iyon lang ang sinabi niya.”

Rody snorted. “At gusto mong maniwala ako? Malaki ang inggit sa akin ng taong iyon. Hindi malayong gumawa siya ng kuwento para lang sirain ang pangalan ko.”

She shook her head and stared at him in

amazement.

“Kilala ko si Bryan. Hindi niya ugaling manira ng tao. At lalong hindi siya marunong mainggit kahit kanino.” Her voice was laced with conviction, which made Rody angrier. Bigla nitong kinabig sa kanan ang kotse. Muntik nang sumubsob sa dashboard ang dalaga nang biglang magpreno ang kanyang nobyo.

“Teka nga muna, ako ang boyfriend mo, di ba? Bakit ’yung lalaking ’yun ang kinakampihan mo?”

“Hindi ko siya kinakampihan. Hindi ko lang maintindihan kung bakit mainit ang dugo mo sa isang taong wala namang ginagawang masama sa iyo. Gusto ko na tuloy isipin na marami kang itinatago sa akin at natatakot kang malaman ko,” paliwanag niya.

“Wala akong itinatago sa iyo. Huwag mong ibalik sa akin ang sisi. Kasalanan mong lahat ito. Masyadong matigas ang ulo mo.”

Seryoso ba talaga ito?

“So ano’ng gusto mong mangyari sa relasyon natin? Okay lang kung ikaw ang makikipag-usap sa kahit sinong gusto mo pero ako hindi?”

Tinitigan lang siya ng nobyo nang matalim. Doon na naubos ang pasensya ni Leilani. She pulled the lock and opened the passenger door.

“Saan ka pupunta?” Bumaba rin ng kotse si Rody.

“Uuwi akong mag-isa.” She glared at him. Nagmura ito at hindi niya mapigilang ngumiwi. “Girlfriend mo ako, Rody. Hindi ako isang tau-tauhan na p’wede mong kontrolin. Kung hindi mo ako kayang irespeto, mas mabuti pang maghiwalay na lang tayo.”

Leilani felt awful. Wala pang isang linggo ang relasyon nila, pero heto’t nagbanta na siyang makipaghiwalay. And for what? Just because she got comfortable with her best friend. She couldn’t blame Bryan. Dahil kahit pagbali-baligtarin niya ang sitwasyon, si Rody pa rin ang wala sa katuwiran.

“I’m warning you, Leilani. Bumalik ka ngayon din sa kotse, kung di’y iiwan kitang mag-isa dito.”

Hindi naman kalayuan ang gymnasium sa tinitirhan niya. Hindi takot sa dilim ang babae at lalong hindi siya takot maglakad nang mag-isa. So she ignored Rody’s warning with another glare and walked away.

Nakaranig na naman siya ng malutong na mura. She really pissed him off. Well, he pissed her too.

She heard the groan of an engine. Ilang segundo pa’y humarurot na palayo ang sasakyan. Nagbuga pa iyon ng maitim ng usok ilang hakbang lang makalampas sa kanya. Tumigil siya sandali at mangiyak-ngiyak na pinagmasdan ang papalayong sasakyan.

Kinabukasan ay pinuntahan siya ni Bryan sa puwesto niya sa talipapa.

“Sorry nga pala kagabi.” He looked guilty and worried. “Hindi ko na sana pinatulan si Rody.”

Kahit masama pa rin ang loob niya dahil sa ginawa ng nobyo, napangiti pa rin si Leilani dahil sa hitsura ng kaibigan. “Wala ka namang ginawang masama. Hindi ikaw ang dapat na mag-sorry.”

Malalim ang pinakawalan nitong hininga.

“M-may ginawa ba siya sa iyo?” She’d sense the tension coiling inside his body.

“Bukod sa hinayaan niya akong maglakad mag-isa pauwi, wala na siyang ginawa.”

Naningkit ang mga mata nito. “Pinabayaan ka lang niya?”

Hinawakan ni Leilani ang braso ng kaibigan. “Relax ka lang. Huwag ka nang magalit. Ako rin naman ang may kasalanan kung bakit iniwan niya ako.” Ikinuwento niya rito ang pag-aaway nila ni Rody. Namumula ang buong mukha ng kaibigan nang matapos siya.

Bryan muttered an oath that made her wince. Bigla siyang kinabahan dahil sa nakikitang galit sa mga mata nito. And for a moment, she regretted telling him everything.

“Tarantado talaga ang lalaking ’yun!” anito sa nagtatagis na mga ngipin. “Ang sarap lang turuan ng leksyon.”

Doon siya tuluyang naalarma. “Bryan, wala kang gagawin sa kanya. Mangako kang hindi mo siya sasaktan.” Umismid lang ito. “Bryan, please naman.”

“Ganyan mo ba talaga kamahal ang lalaking ’yun at ayaw mo siyang masaktan?” It wasn’t the question that brought an alarming chill down her spine. It was the coldness of his voice. She had never heard him speak this tone before. She had never seen him this angry before.

Nakagat niya ang labi at napahawak sa dibdib. Malakas ang tibok ng puso niya.

“Alam kong mali ang ginawa ni Rody. Pero mali rin na gumanti ka. Pareho kayong masasaktan at ayokong mangyari iyon. Hindi na dapat pinapatulan ang isang tulad niya.” Hindi pa rin mapakalma ni Leilani ang kaibigan niya. “Please, kalimutan mo na lang ang nangyari. Ligtas naman akong nakauwi. At isa pa, sigurado akong hindi na ako iistorbohin ni Rody. Nag-break na kami kagabi.”

Hindi siya nakatingin nang sabihin niya iyon, pero naramdaman niya ang pagbabago sa binata.

“Lei...”

Tiningala niya ito. Wala na nga ang galit sa mga mata nito.